# SSS Prez & CEO vows to provide better services

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 15 | 10.00 | JANUARY 9 - 15, 2023

NEWLY appointed Social Security System (SSS) president and chief executive officer Rolando Ledesma Macasaet said Wedenesy, January 11 that his administration will continue to provide better services to members and pensioners.

"We will work doubly hard to provide our current members and pensioners what is just and due to them without jeopardizing the financial protection of members and future pensioners," Macasaet said.

Macasaet is the 20th head of the SSS after being appointed by President Marcos last week.

The new SSS chief has served as president and general manager of the Government Service Insurance System (GSIS)

turn to page 7



SSS President and CEO Rolando Ledesma Macasaet

# PGC's Ugnayan sa Barangay program continues in Trece Martires City.

EVEN after the Christmas season, Governor Juanito Victor C. Remulla Jr. through the Provincial Government of Cavite's Ugnayan sa Barangay Program, continued to share 'Aguinaldo' to Treceños, spreading joy at the start of a new year.

The governor together 7th District Board Member Crispin Diego Remulla and his brother Francisco Gabriel Remulla, were back on track with the Ugnayan sa Barangay program on January 4 & 5, 2023 in Brgy. Inocencio and Brgy. De Ocampo, Trece Martires City.

They were joined by Mayor Gemma Lubigan and Vice Mayor Bobby Montehermoso who conveyed their profound appreciation for the trust, support and respect given to them by their constituents.

Furthermore, they stated that in Trece Martires City, no one is left behind, no sector is neglected. They announced that in 2023, the vendors and transport groups within the city will be given focus.

Meanwhile, Board Member Ping Remulla, affirmed his intention and commitment in continuing the legacy of his father, former Congressman and now Justice Secretary Jesus Crispin Remulla.

He also stated that he stands in solidarity with the people of Cavite in their fight for wage increases.

Governor Remulla then disclosed that the current provincial capitol building will be demolished to make way for a stadium, public park, and aquatic center.

The new provincial capitol is undergoing construction and still remains in Trece Martires City.

Additionally, the governor mentioned about the road construction plan from Trece Martires City to PITX, a faster route which will be a welcome development for commuters.



IN photo, Gov. Juanito Victor C. Remulla Jr. (far left) speaking before the crowd with 7th District Provincial Board Member Crispin Diego Remulla.

PBM Remulla is a candidate in the coming Feb. 25 special elections for the 7th congressional district of Cavite./ PICAD

# Palace urged to resolved continuing PEZA leadership mess

MEMBERS of the Federation of Media Associations (FMAs) were urging anew the Office of the President (OP) to settle a long-standing dispute on the Philippine Economic Zone Authority's (PEZA) leadership mess.

The chaos was brought about by different interpretations of the two memoranda issued regarding the leadership of agencies under the OP.

These media associations include the Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI), the Boracay Global Press Corps (BPC), Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas (KBP) Laguna Chapter and Federation of Provincial Press Corps, Inc. (FPRCI).

Memorandum 1 and Memo 3 involve the Government-Owned and Controlled Corporations (GOCCs) and government instrumentalities.

The Director General of the PEZA is a presidential appointee hence, only the President can appoint and assign an OIC, PEZA rules indicated.

Memo 3 however, provided the exemption of GOCCs, govt. instrumentalities mandating a hold-over capacity to ensure unhampered and continuous services.

The leadership confusion stemmed from the incident when then Deputy Director General Tereso Panga appointed himself as PEZA OIC without the sanction of then incumbent Director General Charito Plaza nor of the Department of Trade and Industry (DTI) Secretary Alfredo Pascual.

Memo 3 provided that DTI attached agencies like the head of PEZA, could stay on a hold-over capacity.

The self-appointed OIC Panga reportedly sought the assistance of



Presidential appointee DG Charito Plaza

his fraternity brother, Sec. Pascual, to issue a midnight DTI Department Order recognizing him as the OIC.

He also ordered the separation from the service of the sitting DG Plaza.

To further aggravate the matter, Panga ordered the padlocking of the DG Plaza's office, the pull-out of the ODG staff and employees, including the office computers, telephone lines so communications at the ODG will stop.

On that same day, Aug 3, 2022, Panga further

turn to page 2

# China renews threat to attack Taiwan

BEIJING: China on Wednesday, January 11 renewed its threats to attack Taiwan and warned that foreign politicians who interact with the self-governing East Asian island are "playing with fire."

A spokesman for China's Taiwan Affairs Office said the country was recommitted in the new year to "safeguarding sovereignty and territorial integrity" and "smashing plots for Taiwan independence" on the self-ruling democracy that separated from mainland China in 1949.

turn to page 2



# Resorts & Travel Agencies pinarangalan sa Dasmarinas

**ni DOMZ B. CAOILE –** Pinuri ni Dasmarinas City Mayor Jenny A. Barzaga ang natatanging resorts at travel agency na nakapag-ambag ng malaki pang mapalakas ang turismo sa siyudad nitong nakalipas na taon 2022.

"Saludo po ako sa inyong maayos na serbisyo para sa ating turismo," sabi ni Mayor Barzaga sa mga pinarangalang resorts at travel agency sa Dasmarinas City.

Kasunod nito, pinuri rin ng alkalde ang mga travel agency na kinilala ang husay sa serbisyo sa ginanap na Cavite Tourism Excellence Awards 2022.

Ito ang 10 pangunahing resorts na pinarangalan:

Top 1 – Tubigan Garden Resort; Top 2-- Stevenson Hideaway Hotel & Resort; Top 3-- Cocollada Events Place Rental; Top 4-- Volet's Hotel & Resort, Inc.; Top 5-- Swiss Resort; Top 6-- CocoValley Richnez WaterPark; Top 7--Jardin de Dasmarinas Resort & Restaurant; Top 8-- Green and Saddle Farm Resort; Top 9 --Riverside Resort; Top 10-- Palmas del Sol Resort Hotel and Resto Bar.

Kinilala na nagbigay ng mahusay na serbisyo sa turismo ang Pakisuyo Travel and Elisse Tours and Transport Services.



*Congratulations: In photo, Mayor Jenny A. Barzaga, di-napangalanang babae na tumanggap ng award, at Konsehal Kiko A. Barzaga.*







**Mabuhay ang Turismo ng Dasmarinas City!**

## Palace urged... *from page 1*

ordered the PEZA police and the security guards to watch and prevent the entry of DG Plaza and the DG staff invited media to enter the PEZA office.

Tensions and commotions occurred when DG Plaza insisted going to her office for the press conference she called but decided to transfer the venue instead at Conrad Hotel.

The mess continued when Panga got another authority from Sec Pascual for him to fully exercise the powers and authority of the PEZA DG.

The former was given the authority to reorganize the employees and so he started to terminate, demote, transfer to far away economic zones staff and employees identified as supporters of DG Plaza and hired new ones, promoted and occupied economic zones (EZs) preferred by his staff and supporters.

These actions of Panga as authorized by Pascual, are contrary to Civil Service laws and even OPs Memos 1,3,10 which put on a hold-over capacity staffs even contractual employees as the country is not yet off from the threats of the pandemic, inflation and world recession.

The oppressed employees have no other recourse when their appeal was not considered but go to the Civil Service Commission (CSC).

They consequently withdrew their appeal at the CSC and transferred this to the Ombudsman Visayas to address all issues on administrative and alleged criminal abuse of authority.

Further, Panga is utilizing the PEZA Employees Association to support him in connivance with present and past presidents, who are his direct staff allegedly without the approval of the general membership, made public statements of support and conducted a survey, further pressuring and harassing the employees to stand by him.

Reports said that industry associations are now being dragged to give endorsements for his retention.

hose employees identified with Plaza said that Panga must stop his media propaganda and instead answer the protest of the former DG now lodged with new Executive Secretary Lucas Bersamin and the Office of the Ombudsman.

Meanwhile, industries allegedly endorsing Panga vehemently denied their supposed gesture as they agreed that their organizations must play neutral in the PEZA leadership rift "as this is the power of the President..."

## *Naic: POC-ADAC awardee*

# Payo sa taxpayer: Umiwas sa multa, mahabang pila

**ni GENE TAPARAN TAN –** Pinayuhan ni Naic Mayor Raffy Dualan ang mga may-ari ng negosyo at establisimyento na sikaping makapagbayad nang maago ng buwis at iba pang bayarin upang makaiwas sa multa at mahabang pila.

Pinansin ng alkalde ang ugali na sa mga huling araw ng pagbabayad ng buwis nagkukumahog ang taxpayers sa pagbabayad ng amilyar, business taxes, mayor's permit at iba pang bayarin sa negosyo.

Kasunod nito, sinabi ni Mayor Dualan na makasisiguro ang mamamayan na gugulin ang bawat sentimo ng buwis para sa makabuluhang proyekto at serbisyo para sa mamamayang Naicquenos.

Inatasan na niya ang kinauukulang departamento sa munisipyo na may tungkulin at pananagutan sa pag-aayos, pagtanggap ng mga dokumento at ibinayad na buwis na pagsilbihang mabuti ang mga taxpayer.

Samantala nitong nakaraang Disyembre 9, 2022, tinanggap ni Mayor Dualan ang dalawang karangalan at pagkilala ng Peace and Order Council-Anti-Drug Abuse Council (POC-ADAC) ng Region 4-A (Calabarzon) ang matagumpay na kampanya ng pamahalaang lokal laban sa kriminalidad at ilegal na droga.

Pinasalamatan ng alkalde ang lokal na pulisya ng Naic at ang mga samahang sibiko na naging katuwang laban sa bisyong droga at kriminalidad.

Nitong nakalipas na Pasko at Bagong Taon, walang hinto ang pamahalaang lokal sa pagkakaloob ng mga tulong pinansiyal sa mga senior citizens, PWDs, iba-ibang sektor ng maliliit na manggagawa at katuwang ang DSWD sa pamimigay ng relief goods sa mga pininsala ng kalamidad at ayudang 4Ps sa mahihirap na residente ng munisipalidad.

## China renews... *from page 1*

"The malicious support for Taiwan independence among anti-China elements in a few foreign countries is a deliberate provocation," Ma Xiaoguang told a biweekly news conference.

China views Taiwan as a Chinese territory that must be brought under Beijing's control, by force if necessary.

A string of visits in recent months by foreign politicians to Taiwan, including by then-United States House speaker Nancy Pelosi and numerous politicians from the European Union, spurred displays of military might from both sides.

This week, Taiwan's military is staging drills intended to reassure the public of its ability to counter China's threats ahead of this month's Lunar New Year holiday.

"The most important thing is to maintain the safety of our airspace and national security," Air Force Lt. Col. Wu Bong-yeng told reporters at Hsinchu Air Base, just south of the capital Taipei.

The drills coincide with a visit from German and Lithuanian lawmakers — the latter a Baltic state being a particular target of Chinese ire for upgrading its ties with Taiwan.

"We call on the relevant countries to ... cease sending the wrong signals to Taiwan independence separatist forces and cease playing with fire on the question of Taiwan," Ma said.

China has responded to foreign visits by holding large-scale military exercises seen by some as a rehearsal for a blockade or invasion.

Beijing sends airplanes and warships toward the island nearly daily, often crossing the midline of the 160-kilometer (100-mile) Taiwan Strait dividing the sides.

# Tigilan ang ang privatization!



THE PUBLISHER
by Henry E. CAOILE

PAKIUSAP po, mahal na Presidente Bongbong Marcos, 'wag po kayong makinig sa mga bulong-bulong ng inyong 'kaibigan' na mabuting isa-pribado ang operasyon ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA).

Pahirap lamang po yan sa taumbayan na pinangakuan po nyo na ibabangon sa hirap, at nabasa na ba nyo ang survey ng SWS na nadagdagan na naman ng 8 porsiyento ang kababayan nyong 'dugyot' ang buhay! (see news item elsewhere in this issue.)

Nang itayo ng tatay po nyo, Prez Ferdinand 'Apo Lakay' Marcos ang LRT 1, Cavite Coastal Road, North Expressway; nang isagobyerno ang Meralco, MWSS (dating Nawasa) at iba pang government infrastructure and public utilities, ang gaan ng buhay ng mga pamilyang Pilipino.

Bata pa ako noong panahon ni Apo Lakay pero ang mga senior citizens ang nagsasabi, maganda ang programa ng inyong tatay na sana ay inyo lamang sundan, gaganda na, aangat na ang buhay natin ngayon.

Nang isapribado ang MWSS, ang kumita lamang ay ang mga Lopez, Pangilinan, Ayala at mga dayuhang partner nila at kaming mga isang kahig, isang tuka ang napeperwisyo.

Bilyon-bilyong piso ang kinkita ng mga government utilities na ito, pero pinalabas na nalulugi, kaya isinapribado para raw mas maging mahusay at mas mura ang bayad sa serbisyo.

Parang kinukuryente tayo tuwing magbabayad ng electric bill -- na kahit madalas ang brown/blackout, parang buong barangay na ang nakakabit sa ating kuntador.

'Yung tubig Maynilad at Manila Water Services ng mga Lopez, Pangilinan at ng mga Ayala, ay inakupo, minsan ay malabo na, ang mahal pa ang bayad natin.

E sabi potable water daw ang tutulo sa ating gripo, meaning inuming tubig, pero hindi po, at sobrang mahal na, madalas daig pa ang ihi ng matandang lalaki na patak-patak sa pagtulo.

'Yang tollgate na dati e libre, at kung may bayad man ay kaymura nang ibigay sa foreigner, makapagmumura ka sa galit kasi ang mga expressway na 'yan ay pera ng taumbayan ang ipinagpagawa pero ang mga dayuhan ang nakikinabang.

Ganyan din ang mangyayari sa NAIA pag ibinigay sa mga oligarchs na sasali sa bidding at teka, nag-iimbita ang ating Pangulong Bongbong ng investor sa ibang bansa at ipagyayabang niya ang Maharlika Investment Fund niya, e bakit hindi na lang pagandahin ang NAIA at wag nang isapribado.

Nalulugi raw kasi ang mga government utilities kaya ibebenta at ibibigay sa pribadong negosyante, hooooy.

Ang gobyerno po ay wala sa negosyo kundi serbisyo publiko at e ano kung nalulugi sa pagsasilbi sa taumbayan.

Malugi man, kaming mga dugyot ang makikinabang at giginhawa.

Kaya nga ang mga taga-gobyerno ang tawag ay "public servant", hindi po, "public businessman."

@@@

Nakabili na ba kayo ng itlog (egg) sa palengke ngayon, e magkano na ang presyo ng isang itlog?

P6, P8, P10 o P15 depende sa laki ng itlog?

Sa totoo lang, daming poultry farms sa atin na over production pa nga ng layers na manok.

Daming itlog sa mga poultry ng Robinsons, San Miguel, Foremost at iba pa, bakit tumataas na naman ang presyo ng eggs?

Ay naku po, DTI, Agri officials ano ba ang ginagawa nyo, e ang sobrang malalaki na ang mga "itlog" nyo sa kamomonitor at kape-praise release na aayusin nyo ang presyo ng mga bilihin.

Pangulong Bongbong, sana po, sa June ay i-appoint nyo si dating Agri Sec. Manny Pinol, magaling ang mamang ito na napolitika lamang noong panahon ni Tatay Digong.

Magaling siya at alam ang solusyon sa problema ng pagkain natin; alam ang mga teknolohiyang gagamitin sa pagdami ng ani sa bukid at palaisdaan.

Pwede po ba, Mr. President, si Manny Pinol na ang inyong i-appoint at yung pakulong privatization ng NAIA at ng LRT 1, wag na po.

Sana mapakinggan nyo po ang hibik ng maliit na publisher na tulad namin.

At magtagumpay po sana ang inyong mga official trip sa ibang bansa.

Mabuhay po tayong lahat.






Manny Pinol: Kayo na po sana uli maging Agri Sec.

## 355,184 rehistradong botante sa 7th District

# Balota sa Cavite special elections iniimprenta na

ni LIZA FE BONETE – Inumpisahan na ang pag-iimprenta ng balota para gagawing special elections sa pagpili ng bagong kongresista ng Cavite 7th district -- na ayon sa Commission on Elections, lalahok sa botohan ay 355,184 na rehistradong botante.

Apat na kandidato ang maglalaban sa puwestong iniwan ni dating Rep. Jesus Crispin'Boying' Remulla na nagbitiw matapos tanggapin ang alok na maging justice secretary.

Sa tala ng Comelec, mayroong 119,511 botante mula sa Trece Martires City; 159,950 sa Tanza; 46,552 sa Indang; 29,171 sa Amadeo.

Gaganapin ang eleksiyon sa Pebrero 25, ayon sa Comelec.

Mga kandidato sa eleksiyon sina Cavite 7th Dist. Provincial Board Member Crispin Diego 'Ping' Diaz Remulla ng National Unity Party at mga independyenteng si Melencio Loyola De Sagun Jr., dating alkalde ng Trece Martires City at sina Jose Angelito Domingo Aguinaldo at Michael Angelo Bautista Santos.

Anak ni Justice Sec. Boying Remulla at pamangkin ni Cavite Gov. JonVic Remulla Jr. ang batang Ping Remulla.

# 'Libreng Sakay' ituloy, iniutos ni Marcos



DBM Sec. Amenah F. Pangandaman

ni LIZA FE BONETE – Kinumpirma nitong Huwebes, Enero 12 ng Department of Budget and Management (DBM) na naglaan na ng P1.285 bilyon parang tuloy-tuloy na ang 'Libreng Sakay Program' ng gobyerno.

Ayon kay Budget Secretary Amenah F. Pangandaman, milyon-milyong pasahero sa loob at labas ng Metro Manila ang makikinabang sa programang ito.

Batay sa Service Contracting program, gobyerno ang mananagot sa pagbabayad sa mga kompanya ng bus na bumibiyahe sa kahabaan ng EDSA na kasali sa 'Libreng Sakay Program.'

Magkakapartner sa serbisyong ito ang DOTr at Land Transportation Franchising and Regulatory Board upang mapagaan ang gastusin ng mga pasahero bunga ng pagtaas ng mga bilihin at bayad sa serbisyo.

Sa rekord ng LTFRB mula Dis. 27, 2022, umabot sa na 164,966,373 milyong pasahero ang nakinabang sa Libreng Sakay program sa kahabaan ng EDSA.

Sinabi i Pangandaman na iniutos ni Presidente Bongbong Marcos na ipagpatuloy ang programa dahil malaking tulong ito sa pamilyang Pilipino.




BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Publisher: HENRY E. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Executive Editor: DOMZ B. CAOILE
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Writers: NOLI LIWANAG
LUKAS DA SILVA
GENE T. TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
Batangas Correspondent: JOSE ALEX MASBAÑO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# Sinaitenians celebrate 8th anniversary; elect new officers for 2023

**VANCOUVER —** Marking another fruitful year of brotherhood, 'malasakit' for each other, the Sinaitenians of British Columbia, Canada (SBCC) toasted its 8th anniversary with a belated New Year's get-together and elections of new set of officers for year 2023, last January 8 at # 5288 Melbourne Hall, Vancouver,B.C. Canada.

A prayer of thanksgiving was rendered by Jhep Inovejas before the start of the get-together followed by messages of the association's founders, Uncle Marcelino 'Pasky' Flores II and Uncle Oscar Bautista.

Founder Uncle Pasky during the program, narrated the evolution of association which was established in 2015 to gather all kababayan from Sinait, Ilocos Sur living in Vancouver, BC.

Speaking in native Ilocano dialect, Uncle Pasky said "that the SBCC after eight years stands tall in all its glory that is worth what we are celebrating tonight."

"Kakabsat Oscar and myself in 2015 thought about an idea to form an association of all kakabsat from our town in Sinait. And today, after eight years, we are here again, all in good health despite many tribulations, and are happy celebrating another year in our new 'home' in Vancouver," Uncle Pasky said.

Uncle Oscar can only agree, speaking in Ilocan uttered, "Eight years is an achievement in itself."

Uncle Oscar added that the 2022 New Year's get together was a shining testimony to the selfless dedication and faithful dedication of it's present leadership, led by President Roemer Ray (Ilustre Cablayan) who for five consecutive years has strengthen the spirit of brotherhood among relatives, kakabsat and friends from hometown Sinaet.

Uncle Pasky said that he is very happy to feel the common love of kakabsat for one another and this bond is extended to all families and friends who are now residing in British Columbia.

A sumptuous dinner of Ilocano delicacies of papaitan, dinakdakan, crunchy lechon, pancit, kare-kare, kaldereta, baked salmon, and many other palatial food and drinks were served after the greetings and cheers.

Dancing, parlors games followed afterwards and merry makings added to the glorious toast of wine and drinks in the belated celebration of New Year.

Playing a big part in SBCC's success, President Cablayan thanked his co-officers for 2018-2022 , namely: Darwin C. Ines, vice president; Wednesday Flores, secretary; Cherylyn Bautista, Dolores Impelido, treasurers; advisers, Uncle Pasky Flores, Uncle Oscar Bautista for their steadfast dedication and services for the cause of Sinaitenians.

Cablayan also shares his thoughts on the association's 8 years from now.

"To all my kakabsat, I am thankful for all your efforts and contributions in helping Sinaitenians in its various projects and activities in maintaining brotherhood and love for one another," said Cablayan in Ilocano.

"I am very happy to note that despite living faraway from our native home in Sinait, we continue the promotion of our Ilocano culture, concentrating on its aspects that we still learn more and love more of Ilocano roots, even we are here trying hard to make a living in Canada. After all, with the present officers and all members, I toast to all of you, taking to heart the lovely words for one another: 'Kakabsat, I trust, I care and love you all,"claimed Roemer Ray.

Thereafter, Roemer Ray announced that he is vacating his post as president and he would like to pass on the leadership of the association to other Sinaitenians who he believed could do more for the welfare of all kakabsat.

He also announced that the Sinaitenians will give special recognition and appreciation to kakabsat who have made their significant contributions to the association, namely Uncle Pasky, Uncle Oscar for loyalty, service and dedication as founder and co-founder, respectively of Sinaitenians.

Uncle Pasky presented to Roemer a Special Recognition as Sinaitenians president for 5 years with the citation that reads:

"The Sinaitenians of British Columbia, Canada in recognition of your personal dedication and distinguished service to the mission of Brotherhood and Goals of the association; to your remarkable leadership from 2018 to 2022 as our President and for your unparalleled zeal and commitment, today, January 8, 2023, we present with honor and deep appreciation this CERTIFICATE OF RECOGNITION and THANKS to Roemer Ray Ilustre Cablayan, RN, MD xxx."

The same Certificate of Recognition were presented to the following officers: Darwin C. Ines, vice president; Wednesday F. Oblero, secretary; Cherylyn Bautista and Dolores Impelido, treasurers; Uncle Oscar Bautista and Uncle Pasky Flores, advisers.

After the citation of outstanding contributions of all officers and members of the association, Roemer Ray announced that an immediate elections of new officers was in order.

The following individuals were elected officers for the year 2023:

Darwin C. Ines, president; Pio Belarmino, vice president; Jhep Inovejas, secretary; Marci Flores and Sharon S. Yadao, treasurer; Edmond Baldivino, Erick Yago, Jiffie Yago and Shallow Yadao, sergeant-at-arms; Uncle Pasky Flores, Uncle Oscar Bautista and past president Roemer Ray Ilustre Cablayan, advisers.

After the elections, Cablayan urged all Sinaitenians to continue their dedication and support to the new set of officers who will banner with a manifest aims of brotherhood, cooperation and common love for kakabsat Ilocano for this year 2023./ **ELI C. RAMOS TAPARAN II**



Souvenir shot of proud Sinaitenians of British Columbia: Happy 8th anniversary & Happy New Year



Prez Roemer Ray Cablayan presents his Special Certificate of Recognition with proud wife Ellen Taparan-Cablayan




Happy and proud recipients of special recognition for their commitment to brotherhood and remarkable service to the goals of Sinaitenians of Vancouver, BC Canada posed with their respective certificates, from left: Wendy Oblero, Pasky Flores, Darwin Ines, Cherylyn Bautista, Oscar Bautista, Dolores Impelido and Roemer Ray Cablayan.









Gorgeous gentlemen from Sinait: Mabuhay








Special guest, Lolo Eli Taparan shows his prize of "2000" (joke lang) Canadian dollars with son-in-law Roemer Ray.







# Senior Citizens Center itatayo sa Mendez-Nunez

## Mayor Cocoy Mendez nagpasalamat kay SCs partylist Rep Ompong Ordanez

**ni GENE T. TAN –** Pinasalamatan ng mga mamamayan ng Mendez-Nunez, lalo na ang mga senior citizen sa pangunguna ni Mayor Francisco 'Cocoy' Mendez Jr. ang proyektong Senior Citizens Building naitatayo sa bayang ito.

Nitong Lunez. Enero 8, matapos ang pagtataas ng watawat, ibinalita ni Senior Citizens (SCs) Partylist Representative Rodolfo 'Ompong' Ordanez na itatayo sa bayang ito ang isang gusali na tatawaging Senior Citizens Center.

Opisyal na panauhing pandangan si Ordanez sa okasyon na masayang inianunsyo na pasado na ang panukalang itaas sa Php1000 mula sa Php500 and ibibigay na pension sa mahihirap na SCs.

Nagpasalamat ni Mayor Cocoy Mendoza kay Rep. Ordanez sa ipatatayong gusali sa Mendez-Nunez na magiging permanenteng tahanan ng mga nakatatandang Mendezeño.

Aniya, malaking tulong ang social pension na Php 1000 na matatanggap ng mahihirap na lolo at lola sa buong bansa.

Sa harap ng nagtitipong mamamayan, binati ni Mayor Cocoy Mendoza si Atty. Fredderick A. Vida na naitalagang Assistant Secretary ng Department of Justice (DOJ).

Sinaksihan ni Vice Mayor Raygan Dimapilis at ng mga konsehal ng bayan ang pagkakaloob ni Rep. Ordanez kay Mayor Mendoza ng plano sa proyektong pagtatayo ng Senior Citizens.

Kasama ring sumaksi at nagpasalamat kay Ordanez ang mga opisyal at kinatawan ng Office of Senior Citizens Affairs (OSCA)at Senior Citizens Federation ng bawat barangay dito sa Mendez-Nunez








# Toots Ople acts on unpaid salaries of 10K OFWs in Saudi Arabia

**by JUNEX DORONIO –** Just like her late father Ka Blas Ople who was a champion of the Filipino working class, Department of Migrant Workers (DMW) Secretary Susan 'Toot' Ople on Tuesday, January 10 vowed to act swiftly on the reported unpaid salaries of some 10,000 overseas Filipino workers in the Kingdom of Saudi Arabia.

"'Yung sa unpaid salaries, dapat sana December kami tutuloy, but upon the request of the Ministry of Human Resources and Social Development o MHRSD, 'yun ang aming counterpart sa Saudi Arabia, they requested for more time to arrange our visit dahil 'yung sa unpaid claims, hindi pala sa kanila 'yun nakaatang. So they wanted time for... certain arrangements to be made so when I go there I will be able to meet with the right person in the Office of the Crown Prince," Ople said at a press briefing in Malacañang.

The DMW chief disclosed that she was supposed to go to KSA last December but officials in Saudi Arabia requested more time to arrange the visit.



DMW Secretary Susan 'Toot' OPLE

Ople expressed hope that she will get the itinerary for the Saudi Arabia trip this week.

She, however, declined to provide details when asked how much will the OFWs in Saudi get.

But Ople stressed that the DMW will exert all efforts to facilitate the release of the unpaid salaries. (ai/mtvn)

J BROTHER'S PALUTO KAY LAKAY
219 BLOCK 17 - A, BASECO PORT AREA, MANILA

FOR RESERVATION • DELIVERY • CATERING • PACK MEAL


SMART: 09102260337
GLOBE: 09353129743
PALUTOKAYLAKAYBASECO

SEAFOODS

| | w/rice (good for 1 person) | Ala Carte (good for 2-3 person) |
|---|---|---|
| Sweet & Sour Fish Fillet | 130 | 230 |
| Calamares | 120 | 200 |
| Breaded Fish Fillet | 120 | 200 |
| Breaded Fish in Butter | 120 | 200 |
| Fish Fillet Tausi | 120 | 200 |
| Fish Fillet w/ Tofu | 120 | 200 |

SEAFOODS (good for 3-4 person)

| | ALA CARTE |
|---|---|
| Squid w/ Broccoli | 200 |
| Squid w/ Ampalaya | 200 |
| Fish Fillet w/ Broccoli | 200 |
| Fish Fillet w/ Ampalaya | 200 |
| Steam Fish Fillet w/Garlic | 220 |
| Shrimp Tempura | 220 |
| Shrimp Ampalaya | 220 |
| Breaded Shrimp | 220 |
| Breaded Shrimp in Butter | 220 |
| Buttered Shrimp | 220 |
| Honey Garlic Buttered Shrimp | 220 |









# Prez Marcos: Maharlika Investment Fund, susubukang 'ibenta' sa World Economic Forum



**ni HENRY E. CAOILE –** Magtagumpay kaya si Presidente Bongbong Marcos na "mahikayat" at "maibenta" ang ideyang Maharlika Investment Fund (MIF) sa dadaluhang 2023 World Economic Forum (WEF) sa n Davos, Switzerland?

Ito ang inaabangan ng publiko sa pag-alis ni PBBM sa susunod na linggo sa kanyang pagdalo sa kumperensiyasa Davos -- na roon, ipahahayag niya ang pagsisikap ng kanyang administrasyon na makalikha ng sariling Sovereign Wealth Fund (SWF) sa mga kakausaping lider at negosyante ng maraming bansa na dadalo sa WEF.

Gagawin ito ng Pangulo kahit hindi pa kinokontra ang panukalang SWF ng ilang senador at kongresista.

Nabatid na noong siya ay senador pa, naisip na ni Marcos ang pagbubuo ng MIF na itutulad sa ibang matagumpay na SWF ng ibang bansa.

Sa panukalang ito, mismong ang gobyerno ang lalahok at magsisikap na magpalakas ng pamumuhunan sa maraming programa at proyekto sa enerhiya, agrikultura, impraestruktura, at iba pang negosyo.

Kinokontra rin ang MIF ng mga negosyante dahil magiging kakumpetensiya nila ang gobyerno.

Nangangamba naman ang sektor ng paggawa na malustay ang salapi ng gobyerno sa mga negosyong maaaring malugi at mababawasan ang pondo para sa mga serbisyong para sa mamamayan.

Sa Malakanyang, sinabi ni PBBM na ihahayag niya sa kumperensiya sa Davos na prioridad ng kanyang administrasyon ang tungkol sa pagpaparami at pagluluwas ng pagkain, digitalization, climate action, kalakalan at mga hakbang sa pag-akit na maglagay ng salapi ang mga dayuhang investor sa Pilipinas.

## *DA officials lang ang walang alam?!*

# Ismagler, onion ring dahilan ng taas langit ng presyo ng sibuyas

**ni LIZA FE BONETE –** Pansamantalang ititigil muna ang pagbebenta ng red onions sa halagang P170 per kilo sa mga Kadiwa stores, ayon sa Department of Agriculture (DA).

Wala na raw maisusuplay ang Food Terminal Inc. (FTI) at hihintayin pa ang utos ng Malacanang kung ano ang gagawin sa nakumpiskang kontrabadong pula at puting sibuyas mula sa China,

Kinumpiska ng Bureau of Customs (BoC) ang kontrabando na tinatayang nagkakahalaga ng P153-milyon at inaalam kung sino ang broker at importer ng nabanggit na mga sibuyas.

Isinisi naman ni Albay 1st District Rep. Joey Salceda ang sindikato at mapagsamantalang

*sundan sa pahina 7*



*Nakakaiyak ka!*


## IMUS CITY GOVERNMENT CENTER OFFICE DIRECTORY

LUNGSOD NG IMUS 2012 LALAWIGAN NG CAVITE

### LOWER GROUND FLOOR
- CITY PUBLIC LIBRARY
- CANTEEN
- PARKING
- EMPLOYEES WELLNESS CENTER

### UPPER GROUND FLOOR
- CITY TREASURER'S OFFICE
- BOSS – BUSINESS ONE STOP SHOP
- BUSINESS PERMIT AND LICENSING OFFICE
- CITY CIVIL REGISTRY OFFICE
- OFFICE OF THE SENIOR CITIZENS AFFAIRS
- PERSONS WITH DISABILITY AFFAIRS OFFICE
- LOCAL HOUSING BOARD
- FIRST AID STATION/DAY CARE/LACTATION STATION
- CITY SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT OFFICE
- LOCAL ECONOMIC DEVELOPMENT AND INVESTMENT PROMOTIONS OFFICE
- DTI – GO NEGOSYO CENTER
- CITY ASSESSOR'S OFFICE

### SECOND FLOOR
- CITY INFORMATION OFFICE
- CITY SANITATION UNIT
- CITY TOURISM AND DEVELOPMENT OFFICE
- CITY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT OFFICE
- CITY VETERINARY OFFICE
- CITY OF IMUS COOPERATIVE AND LIVELIHOOD ENTREPRENEURIAL AND DEVELOPMENT OFFICE
- DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT OFFICE
- POPULATION AND DEVELOPMENT OFFICE
- TRICYCLE REGULATORY UNIT
- CITY AGRICULTURAL SERVICES OFFICE
- CITY OF IMUS TRAFFIC MANAGEMENT OFFICE
- CITY PARKS AND HISTORICAL SITES ADMINISTRATION UNIT
- CITY OF IMUS SPORTS DEVELOPMENT UNIT
- CITY GOVERNMENT OF IMUS EMPLOYEES MULTIPURPOSE COOPERATIVE
- OFFICE OF THE CITY CHAPLAIN
- PUBLIC EMPLOYMENT SERVICES OFFICE
- OFFICE OF THE CITY BUILDING OFFICIAL
- CITY PLANNING AND DEVELOPMENT OFFICE
- ONE-STOP SHOP FOR CONSTRUCTION PERMIT

### THIRD FLOOR
- CONGRESSMAN'S OFFICE/ACTION CENTER
- YOUTH AFFAIRS OFFICE
- CITY BUDGET OFFICE
- CITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
- COMMISSION ON AUDIT
- HUMAN RESOURCE AND MANAGEMENT OFFICE
- CIVIL SECURITY UNIT
- OFFICE OF THE CITY ADMINISTRATOR
- OFFICE OF THE CITY MAYOR
- CITY ACCOUNTING OFFICE
- BARANGAY ACCOUNTING
- CITY LEGAL OFFICE

### FOURTH FLOOR
- CITY ENGINEERING OFFICE
- CITY ARCHITECTURAL PLANNING AND DESIGN OFFICE
- CITY INFORMATION TECHNOLOGY AND RECORDS MANAGEMENT UNIT
- LOCAL GOVERNANCE RESOURCE OFFICE
- CITY OF IMUS POLYTECHNIC INSTITUTE
- HRMO COMPENSATION AND BENEFITS
- GENDER AND DEVELOPMENT UNIT
- ANGAT IMUS HOMEOWNERS' ALLIANCE, INC.
- SANGGUNIANG PANLUNGSOD SESSION HALL
- HRMO TRAINING CENTER
- GENERAL SERVICES OFFICE

### FIFTH FLOOR
- OFFICE OF THE CITY VICE MAYOR
- OFFICE OF THE SP SECRETARY
- RECORDS AND LEGISLATIVE SECTION
- ABC/LIGA NG MGA BARANGAY NG IMUS
- SANGGUNIANG KABATAAN FEDERATION OFFICE
- COUNCILORS' OFFICE

# 12.9 milyon ang dugyot na pamilyang Filipino

**BANTAYBALITA Staff –** Mahigit sa 12.9 na pamilyang Filipino ang nagsabi na kabilang sila sa kategoyrang "dugyot" (mahirap ang buhay), ayon sa resulta ng ginawang survey ng Social Weather Stations (SWS).

Sa survey ng SWS mula Dis. 10-14, 2022, inamin ng mahigit sa 51 porsyento ng 1,200 na tao mula sa iba-ibang lugar sa bansa na sila ay "mahirap."

Inilabas ang survey nitong Huwebes, Enero 12, sumagot ang 31 % na malapit na silang mailagay sa kategoryang 'dugyot', at 19% ang nagsabing "hindi kami mahirap."

Nang ikumpara sa survey noong Oktubre 22, nakita na tumaas ang pamilyang mahirap sa 49 % at ang nasa pagitan ng mahirap at hindi mahirap ay umangat ng 29% at ang hindi mahirap ay bumagsak ng 21%.

Sa pagtantiya, umaabot sa 12.6 milyon ang mahihirap na pamilya noong Okt. 2022.

Lumalabas sa survey nitong Dis. 2022 na tumaas ng 8% ang pamilyang nasa kalagayang "mahirap sa buhay."



## SSS Prez... *mula sa pahina 1*

during the Duterte administration.

Macasaet also has served in various leadership capacities which include the Philippine National Construction Corp. Dasmarinas Industrial Steel Corp.; Skyway Corp. Tierra Factors Corp. and other state-owned firms from1988 to 2005.

Macasaet took his Oath of Office before Executive Secretary Lucas Bersamin in Malacañang last Jan. 5.

## PGCEA elects... *from page 8*

Marivic S. Munar, Supervising Human Resource Specialist of CSC Region IV-A who congratulated the PGCEA team for the organized conduct of elections of the new set officers of the organization.

Winning candidates were proclaimed by Elecom Chair Ms. Pereña, together with PGCEA Interim President, Ms. Bernal, Provincial Legal Officer, Atty. Annaliza Mercene-Pulmones, and CSC representative, Ms. Munar, following the canvassing of ballots and a successful verification of results.

The newly-elected PGCEA officers were: Ms. Mischel Osorio – President; Mr. Joseph Avecilla - Vice-President; Ms. Angelica Joy Balanquit – Secretary; Mr. Paul Mark Feranil - Assistant Secretary; Ms. Myrachel Cuadra – Treasurer; Ms. Karen Dela Cruz - Assistant Treasurer; Ms. Josefina Ayon – Auditor; and, Mr. Walter Mojica and Ms. Genevieve Rogado as Public Relation Officers.--- PICAD

## Estudyanteng... *mula sa p.8*

Hospital sa Kawit; sa lahat ng dumaang kalamidad, bagyo, sunog at iba pa kailangan ng emergency response, andayn si Cong. Jolo.

Kami na lang yata dito sa BantayBalita ang di pa naaayudahan, hehehehehe. char.

Nitong nakaraang linggo, bisi si Rep. Jolo sa miting sa g mga DepEd District Supervisors, School Principals para mabilis na maipatupad ang programang Iskolar ng Bayan para sa lahat ng mga estudyante sa Unang Distrito.

Teka, tama na ang nabasa ko sa FB page ni Cong. Jolo: "xxx para sa lahat ng (mga) estudyante sa Unang Distrito."

Eto ang sabi: "Ang lahat ng mga nag-aaral mula Grades 1 to 8 ay makakatanggap ng tig-dalawang libong piso at ang Grades 9-12 naman ay makakatanggap ng tig-tatlong libong piso bawat isa."

Sabi pa ni Cong. Jolo, inaayos na niya at ng mga taga-DepEd ang mga rekisitos para masiguro na mabibigayan ang "lahat ngg enrolled students" sa Distrito Uno, bago matapos ang school year na ito.

AAbot sa mahigit na 60K na enrolled students ang makatatanggap ng financial assistance, sabi sa social media post, at ito ay tiniyak na mangyayari sa ni Senator Ramon Bong Revilla, Jr. at Agimat Partylist Rep. Byran Revilla.

Kakainggit talaga ang mga taga Distrito Uno, may kongresista sila na ang pangalan ay Jose Lorenzo 'Jolo' Bautista-Mercado Revilla.

Teka, paano 'yung 'ayuda' namin, hehehehehe,char!

Ah, basta, masaya kami at Happy New year sa lahat!

Para sa inyong komento, magmensahe sa domzcaoile@yahoo.com

## Ismagler, onion... *mula sa p.6*

negosyante sa sobrang taas ng presyo ng sibuyas at iba pang produkto sa bansa.

Sabotahe sa ekonomya ang galaw ng sindikatong ito na tinatawag na 'Onion Ring' na kilala na ng gobyerno pero hindi inilalantad sa publiko kung sino-sino ang kasapi ng sindikatong ito.

Nais ni Salceda na imbestigahan ng Kongreso ang di-mapigilang pagtaas ng mga presyo ng bilihin.

"Me sindikato naman talaga, e gobyerno lang yata ang hindi nakakaalam nito," sabi ng isang mamimili sa Bacoor na ang tinutukoy ay ang mga opisyal ng DA.

Samantala, sinabi ni DA Assistant Secretary Kristine Evangelista na bago muling makapagbenta ng murang halaga ng sibuyas, kailangan munang mapirmahan ang bagonga supplemental memorandum of agreement ng FTI at ng Kadiwa store.

Nabatid na nakapangalan sa Seastar Consumer Goods Trading ang kinumpiskang pula at puting sibuyas na idineklarang fishball.

Pnangunahan ni Customs Intelligence and Investigation Service-Manila International Container Port (CIIS-MICP) chief Alvin Enciso ang pagkumpiska sa kontrabado nang mag-inspeksiyon sa mga container van sa North Harbaor ng nakaraang linggo.

Kakasuhan ng mga paglabag sa batas ng Customs ang Seaster, sabi ni Enciso.

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE JOAQUIN A. MOJICA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **JOAQUIN A. MOJICA,** who died on August 7, 2021 at Banaba Lejos, Indang, Cavite, left parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. Carp 20180000007, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe B. Anonuevo, under Doc. No. 4591, Page No. 92, Book No. 148, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 2, 9 & 16, 2023**

### EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE CORNELIO A. MOJICA

NOTICE is hereby given that the estate of the late CORNELIO A. MOJICA, who died on August 12, 2018 at Banaba Lejos, Indang, Cavite, left parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. Carp 2018000005, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe b. Anonuevo, under Doc. No. 462, Page No. 93, Book No. 148, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 2, 9 & 16, 2023**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EDWIN UMALI RIVERA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **EDWIN UMALI RIVERA,** who died on May 11, 2017 at Paris died intestate without Will or Testament, and without any outstanding debts in favor of any person or entity, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-68656 located at La Trinidad Subd., Cabuco, Trece Martires City, Cavite measuring SEVENTY FIVE (75) SQUARE METERS more or less, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 431, Page No. 88, Book No. XXII, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 26, 2022, JANUARY 2 & 9, 2023**

### DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **KENNETH M. PARRA,** who died on November 24, 2022 at Gentri Medical and Hospital died intestate without leaving any last will or Testament, and without any outstanding debts, left a Bank Account maintain with BDO Unibank, Inc. branch of Tagaytay Mendez Junction Branch, in the amount of fifty-one thousand eight hundred twenty-six pesos and eighty-eight centavos only (Php 51,826.88), was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Valentin C. Guanio, under Doc. No. 310, Page No. 63, Book No. CCIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 26, 2022, JANUARY 2 & 9, 2023**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 15 10.00 JANUARY 9 - 15, 2023

# Edukasyong de kalidad sa batang Imuseño




Sa likuran, dulong kanan, sumaksi si Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan sa 'groundbreaking and unveiling ceremony' ng itatayong gusali ng paaralang elementarya sa Malagasang I-D, Imus City.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni 3rd District Cong. AJ Avincula ang ittatayong gusali ay sa tulong ng pamahalaang lungsod sa pangunguna ni Mayor Alex 'AA' Advincula (ikaapat mula sa kaliwa) at mga ilang konsehal na sumaksi sa aktibidad. /AJ Advincula FB page

**ni ELI C. RAMOS TAPARAN II –** Sabi nga, iba na ang may alam; mas angat ang may pinag-aralan.

Kung edukado, may may kumpiyansa sa sarili, at marunong at matapang na harapin ang anomang pagsubok at problema.

Mas disipilinado, mas mabilis umasenso at may talino at kakayahang tumulong sa kapakanan ng kapwa ang isang batang nakapagtamo ng de kalidad na edukasyon.

Matuturuan ang batang ito sa paglaki na maging mabuting mamamayan.

Ilan lang ito sa kahalagahang ipinunto ni 3rd District Congressman Adrian Jay 'AJ' Advincula sa mensahe niya sa ginanap na pasinaya at seremonya sa pag-uumpisa ng pagbubungkal ng lupa na paglalagyan ng pundasyon ng itatayong Malagasang I Elementary School Annex sa Jade Residences, Malagasang I-D nitong nakaraang linggo.

Ang okasyon ay sinaksiyan ni Mayor Alex "AA" Advincula, Vice Mayor Homer Saquilayan, at ilang mga konsehal at opisyal ng pamahalaang lokal ng lungsod ng Imus.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Cong. AJ na isa sa prioridad niya ay matugunan ang pangangailangan sa gusaling paaralan, mga asilidad, mga gamit sa pag-aaral upang maturuan ang mga batang Imuseno at magkamit ng de kalidad na edukason.

"Pangako ko, "sabi ni Rep. AJ, " bilang inyong kinatawan sa Kongreso na isusulong natin ang ganitong mga inisyatibo para sa kinabukasan ng ating mga kabataan."

At ipinangako niya, lagi siyang kasama ng kabataan at batang Imuseno na maabot ang kanilang pangarap at maging matagumpay na mamamayang Imuseno sa mga panahong darating.

Dagdag ng kongresista, ang proyektong pagtatayo ng mga gusaling paaralan ay katuparan ng naipangakong pag-angat at pag-asenso ng mamamayang Imuseno.

# PGCEA elects new set of officers



THE Provincial Government of Cavite Employees Association (PGCEA) held its first elections for the new set of officers, Monday, January 9 at the Ceremonial Hall, Provincial Capitol Building, Trece Martires City.

More than1,2000 members of the association participated in the voting process supervised by the Elections Committee (Elecom) chaired by Ms. Wilma Pereña together with the PGCEA interim officers headed by President, Ms. Maribel Bernal.

After the final casting of votes, the canvassing was witnessed by Ms.

*Turn to page 7*

# Estudyanteng taga-Dist. Uno, tatanggap ng alawans



REVANZE
by Domz B. CAOILE

SABI ng ating editorial consultant, Boss Eli Taparan -- na ilang araw na nagpa-confine sa Vancouver Cancer Center -- malaking 'kagaguhan' (foolishness) ang pakulong 'courtesy resignation' ni DILG Sec. Benhur Abalos Jr. na may imprimatur ng kanyang idolo (idolo rin namin) na si Pres. Bongbong Marcos Jr.

Teka, mag-iimport daw ng maraming kilos sibuyas para bumaba ang presyo ng sibuyas, ganu'n na sinabayan ng bagyo na nagpalubog ng malapit nang anihing sibuhay ng ating mga magsasaka, ay kaysaklap na kapalaran.

Bakit foolisg idea ito, naitanong namin kay Boss Eli, e sabi niya, kung may ebidensiya na pulis-droga nga ang isang opisyal e dapat ang ginawa ay kinasuhan sa Ombudsman, o sa regional trial court o sa Internal Affairs Service ng PNP.

Saka, paliwanag ni Boss Eli, walang silbi 'yang courtesy resignation na 'yan kasi may ruling na ang Supreme Court noong 1988 na eto ang sabi: "Courtesy resignation cannot properly be interpreted as resgination in thelegal sense for it is not necessarily a reflection pf s public official's intention to surrender his position."

Iba talagang mag-isip ang aming consultant na lahat ng kaso ng tropa sa piskalya at mga petisyon, memorandum sa RTCs patungkol sa mga problema ng mga weekly publishersay siya ang tumatayong "Atorni-at-last," hehehe.

Saka may ruling na rin daw ang Civil Service Commission (CSC) na 'yang courtesy resignation ay walang bigat o basis sa batas.

Naalaala ni Boss Eli na 'yang courtesy resignation ay pinauso ni Tita Cory Aquino (+) na pinuwersang sinibak sa puwesto ang lahat ng mayor at gobernador at mga civil servants matapos ang kudeta sa tatay ni PBBM.

Sa edad 76, mabuti at di pa nagmimintis ang utak ni Boss Eli -- na ayaw patalo sa sakit niyang cancer.

Prayers po sa inyong maagang paggaling, Boss ET.

@@@

Ano, mga katropa, lipat na tayo sa Cavite 2nd District, hala, tara na!

Ayaw kasing tumigil si Cong. Jolo Revilla sa




**BB Editorial Consultant**
**Eli Taparan II**

"bisyo" niyang magbigay ng ayuda sa mga batang iskolar sa mga bayan ng Kawit, Noveleta, Rosario at Cavite City.

Tama 'yung sabi ni Bishop Eric I. Santos sa amin: Hindi nagkamali ang mga taga Distrito Dos na gawing kongresista nila si dating Vice Gov. Jolo na pinauulanan ng benepisyo, ayuda at iba pang serbisyo sa mamamayang Caviteno.

Pinamamadali niya na gawing regional hospital ang Kalayaan Gen.

*Sundan sa pahina 7*


photo courtesy of facebook.com/jolorevilla